# 30 Araw na Abiso para sa Mga Pagtatasa sa Buong Estado ng Oregon sa English Language Arts at Matematika

OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION
*Oregon achieves . . . together!*

## PAGPAPAUNLAD NG PAGMAKATAO AT KAHUSAYAN PARA SA BAWAT MAG-AARAL

Nakatuon ang Oregon para ihanda ang bawat mag-aaral sa kasanayan at kaalamang pang-akademiko na kinakailangan para sa tagumpay na higit pa sa mataas na paaralan. Ang mga pagtatasa sa buong estado ng Oregon sa English Language Arts (ELA) at Matematika ay ganap na nakaayon batay sa Mga Pamantayan ng Estado ng Oregon at nagbibigay sa mga mag-aaral sa mga baitang 3-8 at 11, kasama ng kanilang mga pamilya, ng isang sukatan ng akademikong tagumpay at paglago.

## ANG MGA PAGSUSULIT SA BUONG ESTADO NG OREGON...

- **…ay nilikha ng mga tagapagturo sa Oregon** at sa iba pang mga estado
- **… ay hinihimok ang inyong anak na mag-isip nang kritikal** at ilapat ang kanilang kaalaman sa iba't ibang konteksto
- **…ay hinihigitan pa ang pagpipiliang sagot** at hihilingin ang inyong anak na ipaliwanag ang kanilang mga sagot
- **…ay nagsisilbing snapshot ng pag-unlad ng iyong anak** na maaaring isaalang-alang kasama ng iba pang mga piraso ng impormasyon upang matukoy ang akademikong tagumpay ng inyong anak
- **…ay tumutulong sa mga paaralan at distrito** na suriin ang kanilang mga sistema ng pagtuturo at pagkatuto, pati na rin tukuyin ang mga grupo ng mga mag-aaral na ang mga pangangailangang pang-akademiko ay maaaring hindi sapat na natutugunan
- **…ay tumutulong sa mga komunidad** na maunawaan kung gaano kahusay ang pagganap ng kanilang mga pampublikong paaralan

**Gaano katagal ang kailangan ng aking anak para makumpleto ang mga pagsusulit sa buong estado ng Oregon?**
Tinatapos ng karamihan sa mga mag-aaral ang kanilang pagsusulit sa ELA sa loob ng 1.5 hanggang 3 oras at 1 hanggang 1.5 oras para sa kanilang pagsusulit sa sa Matematika. Dahil walang limitasyon sa oras ang mga pagsusulit sa buong estado ng Oregon, maaaring magtagal ang iyong anak hangga’t kailangan para lubusang maipakita ang kaalaman at kakayahan nila.

**Ano ang ibig sabihin ng mga resulta at saan ko makukuha ang mga resulta ng anak ko?**
Tinutukoy ng mga resulta ng pagsusulit ang kakayahan at mga dapat paunlarin ng iyong anak sa English Language Arts at Matematika. Hahatiin sa mga kategorya ang bawat asignatura at ipapakita nito kung gaano kahusay ang iyong anak sa bawat isa nito. Susukatin ng mga pagsusulit ang kaalaman ng iyong anak gamit ang isang sukatan na maaaring ihambing sa lahat ng panahon. Nagtakda ang Oregon Department of Education ng apat na antas ng tagumpay kasama ang sukatang ito na sa pangkalahatan ay naglalarawan sa akademikong pagganap ng mag-aaral. Ibabahagi ng paaralan ng iyong anak ang mga score ng iyong anak sa pagtatapos ng kasalukuyang taon ng pag-aaral o sa pagsisimula ng susunod na taon para makatulong na suportahan ang tagumpay ng iyong anak habang lumilipat sila sa bawat baitang.

**Bakit mahalaga ang pakikilahok ng aking anak?**
Bagama't walang natatangging pagsusulit ang makapagbibigay ng kumpletong larawan ng pag-unlad ng inyong anak, ang mga pagsusulit sa buong estado ay nagbibigay sa mga tagapagturo at administrador ng Oregon ng isang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kung anong mga pamamaraang pang-edukasyon ang gumagana at kung saan maaaring kailanganin ang mga karagdagang mapagkukunan. Mahalaga ang paglahok ng inyong anak upang makatulong na matiyak na natatanggap ng mga paaralan at distrito ang mga naka-target na pinagkukunan na kailangan ng mga ito upang matulungan na magtagumpay ang lahat ng mag-aaral.

**Kailan kukuha ang aking anak ng pagsusulit?**
Tutukuyin ng paaralan ng inyong anak ang mga partikular na petsa kung kailan kukuha ng pagsusulit ang inyong anak sa loob ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado. Ang mga iskedyul ng pagsusulit sa buong estado para sa English Language Arts at Matematika ay ilalapat sa pangkalahatan at kahaliling pambuong-estadong mga pagsusulit.

| **Mga nasa Baitang 3-8** | **Mga nasa Baitang 9-12** |
|---|---|
| 04/02/2024 — 06/14/2024 | 02/06/2024 — 06/14/2024 |

## MANATILING UPDATED

Bisitahin ang Starting Smarter webpage ng Oregon (https://or.startingsmarter.org) upang matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang dapat malaman at gagawin ng iyong anak English Language Arts at Matematika, upang tingnan ang mga sample na tanong sa pagtatasa, at para magbasa pa tungkol sa mga resulta ng pagsusulit ng inyong anak. Makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak o punong-guro ng paaralan para sa mga tanong.

Oregon achieves . . . together!

# Form ng Taunang OSAS Opt-Out (2023-24)

## PAGLALARAWAN NG MGA KARAPATAN

Pinapayagan ng batas ng Oregon (ORS 329.479) ang mga magulang/tagapag-alaga at mag-aaral na nasa hustong gulang na taunang mag-opt out sa mga pagsusulit sa buong estado ng Oregon sa *English Language Arts (ELA) at/o Matematika* sa pamamagitan ng pagsusumite ng form sa paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral. Dapat magbigay ang paaralan sa sinumang estudyanteng hindi kasama sa pagtatasa sa buong estado sa ELA o matematika ng sinusubaybayang oras sa pag-aaral habang nagsusulit ang iba pang mag-aaral.

**Upang mag-opt out sa mga pagsusulit sa buong estado sa English Language Arts (ELA) at/o Matematika, dapat kumpletuhin ng magulang/tagapag-alaga o mag-aaral na na sa hustong gulang ang seksyong ito:**

Legal na Apelyido ng Mag-aaral: ______________________________________________________________

Legal na Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________________________________________

Baitang Kung Saan Naka-enroll ang Mag-aaral: ______________________

Paaralan ng Mag-aaral: _______________________________________________________________________

**Pakisaad ang pagsusulit sa buong estado ng OSAS kung saan ka nag-opt out**

☐ English Language Arts

☐ Matematika

Para matulungan ang paaralan ng iyong anak na mapagplanohang mabuti ang pangangasiwa sa mga pagtatasa, pakisumite ang form na ito sa paaralan ng iyong anak ng hindi bababa sa isang linggo bago ang unang araw ng pagsusulit. Para sa mga mag-aaral na mag-e-enroll pagkatapos magsimula ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado,hinihikayat kayong isumite ang form sa loob ng 2 linggo mula sa pagpapa-enroll. Valid lang ang form na ito para sa kasalukuyang taon ng pag-aaral. Ang mga magulang/tagapag-alaga at mag-aaral nasa hustong gulang ay kinakailangang taunang magsumite ng form sa pag-opt out kung ayaw nilang sumali sa mga summative na pagsusulit sa buong estado.

**Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito pinipili kung hindi sumali sa mga pagsusulit na ipinahiwatig sa itaas sa buong estado ng OSAS sa ELA at Matematika para sa kasalukuyang taon ng pag-aaral lamang.**

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga**: _________________________________ Petsa: _______________

Naka-print na Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga**: ___________________________________________

Ang form na ito ay maaaring isumite anumang oras bago ang pagsasara ng panahon ng pagsusulit. Kung natapos na sa pagsusulit ang estudyante, mawawalan ng bisa ang pagsusulit; ang kanilang datos ng pagsusulit ay tatanggalin sa mga sistema ng datos ng estado; at sila ay mabibilang bilang hindi kalahok para sa pagsusulit ngayong taon. Ang mga kahilingang isinumite pagkatapos ng huling araw ng panahon ng pagsusulit ay hindi isasaalang-alang.

*Maaaring lumagda ang mga mag-aaral na nasa hustong gulang (18 taong gulang o higit pa) para sa kanilang sarili at hindi nangangailangan ng lagda ng magulang o tagapag-alaga.
**Ang pag-type ng iyong pangalan sa signature box sa digital form ay nagpapahiwatig ng iyong lagda.